



ANG

Bayan


Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 15
Agosto 7, 2009

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Puro kasinungalingan



Puro kasinungalingan ang laman ng pinakahuling State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo. Wala itong pinag-iba sa lahat ng nakaraan niyang SONA.

Hinalungkot lamang niya ang dinoktor na datos ng kanyang mga ahensya, at mula roon ay pinili ang kaliit-liitang mga detalyeng pinalabas niyang mga tagumpay ng kanyang rehimene. Lahat naman ng kabiguan ay isinisi niya sa mga nakaraang administrasyon at kanyang mga kritiko.

Pinagtakpan lamang niya sa pamamagitan ng umano'y mga datos ng pag-unlad ang kabiguan ng kanyang mga patakaran at pamamalakad sa ekonomya. Tinabunan niya ng gawagawang mga datos ang katotohanang ang ekonomya ng Pilipinas ay sinusuhayan na lamang ng mga dolyar mula sa milyun-milyong manggagawang Pilipino na napilitang makipagsapalaran sa ibang bansa dahil sa malawakang disempleado sa Pilipinas na ibinunsod ng kanyang mga patakaran sa ekonomya.

Nangatwiran si Arroyo na minana lamang niya ang masasamang bunga ng maling pamamalakad mula sa mga sinundang rehimene. Subalit ang totoo'y sa ilalim ng kanyang rehimene ibayong sumama ang ekonomya at pamumuhay ng mamayan.

Inilingid niya ang tunay na sosyekonomikong kalagayan sa ilalim ng kanyang paghahari: ang pagbagsak ng manu-paktura, pagdausdos ng agrikultura, pag-

**Mga tampok
sa isyung ito...**

**Pinagtatakpang
katotohanan**

PAHINA 3

**NDFP, nagpugay kay
Aquino**

PAHINA 8

**4 na sundalo patay,
7 sugatan sa mga
labanan**

PAHINA 13

lala ng dis empleyo, paglaki ng deposit, paglobo ng utang, pagliit ng halaga ng piso, pagsahol ng kahirapan ng nakararaming mamamayan at lalong paglaki ng agwat sa pagitan ng mayayaman at malihi-rap. Wala siyang inakong pananganutan sa pagdurusa ng bayan bunsod ng pangangayupapa niya sa imperyalistang patakaran "globalisasyon" na nagpanatili sa pagk-atrasado ng lokal na ekonomya at ibayong nagwasak sa industriya, agrikultura at mga produktibong pwersa sa bansa. Wala siyang binanggit tungkol sa walang kabusugang pagnanakaw ng kanyang pangkatin ng bilyun-bilyong piso sa kabang-bayan na lalo pang naghahirap sa mamamayan.

Sa kanyang talumpati, pinalabas niyang nalutas na ang kawalan ng katarungang panlipunan, kahirapan, kagutuman at kawalan ng mga serbisyon panlipunan na sa katunaya'y pawang pinalubha ng siyam na taon niyang panunungkul-an. Ipinangalandon pa niyang dahil sa kanyang kahusayan ay na-kaligtas ang Pilipinas sa pang-ekonomya at pampinansyang krisis na sumasaklot ngayon sa buong mundo. Patuloy pa rin ang kanyang

paglulubid ng ilusyon na ang bansa ay makakahanay na sa pinaka-mauunlad na bansa sa loob ng 20 taon. Ang totoo, ang lugmok na lagay ng ekonomya sa bansa ay mai-hahambing na sa sitwasyon noong 1983-86, bago bumagsak ang pasistang diktadurang Marcos.

Pinakamababang grado rin ang ibinibigay ng iba't ibang pandaigdigang ahensya sa rehimeng Arroyo sa larangan ng panggugubyerno, ekonomya, kahirapan, edukasyon, serbisyon panlipunan, katiwalian, kriminalidad, karapatang-tao at iba pa.

Pinakatam-pok sa mga pinagtakpan ni Arroyo sa kanyang SONA ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at pagpahirap sa mga aktibista, iba pang kritiko at peryodistang tumutuligsa sa gubyerno. Sa kabilang ito ng pagpapatunay maging ng United Nations Human Rights Commission at iba pang internasyunal na ahensya


sa masamang sitwasyon ng karapatang-tao sa bansa. Lumalabas na mas masahol pa ang mga paglabag sa karapatang-tao ngayon kumpara noong panahon ng pasistang diktdurang Marcos.

Habang dumadagundong ang panawagan ng mamamayan na wakasan na ang kanyang paghahari, walang tuwirang payag si Arroyo na bababa siya sa pwesto pagkatapos ng kanyang termino. Pailalim na inilalatag niya at ng kanyang mga anak at ali-pures ang mga plano para ituloy ang *cha-cha, con-ass* at iba pang pakana para mapalawig ang paghahari nila

lampas sa 2010. Itinanggi pa niya ang intensyong magdeklara ng batas militar kahit nalantad na ang makailang ulit niyang pagtatangkang gawin ito sa anyo ng pagangkin ng *emergency powers* at aktwal pang paglalabas ng ala-Marcos na mga pasistang diktredo at pangkalahatang atas noong Pebrero 2006. Ngunit nagbanta naman siyang gamitin ang buong pasistang kapangyarihan ng estado kapag lumakas ang mga kilos protesta at maging banta na ito sa patuloy niyang paghahari.

Dahil dito ay dapat maging lang mapagbantay ang mamamayan sa mga hakbang na gagawin ni Arroyo para manatili sa kapangyarihan at makaligtas sa kanyang mga pananagutan sa bayan. Dapat pagibayuhin ng sambayanan ang kani-lang kapasyahan at pagsisikap para biguin ang mga pagsisikap ng rehimeng tumagal pa sa kapangyarihan at patuloy na mang-api sa mamamayan.

AB



ANG Bayan

Taon XL Blg. 15 Agosto 7, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating payagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editorial

Puro kasinungalingan	1
Pinagtakpan ng katotohanan	3
SONA ni Arroyo, hungkag	4
Protesta sa SONA	5
Dagdag-bawas sa mga National Artist	6
Pagtitiibay ng katayuang papet	7
NDFP, nagpugay kay Aquino	8
Mga maniobrang hindi umuobra	8
Daan-daang libo, nakipaglibing kay Aquino	9

Pananalanta ng pasistang estado

Melissa Roxas, palaban sa rehimeng	10
Elizabeth Principe, nakalaya na	10
Mga bakwit sa Mindanao, naghihirap	11
Konsultant ng NDF, inaresto	11
Drayber ng <i>pedicab</i> , pinaslang	11

Sa ibayong dagat

Kaguluhang etniko sa China	12
Welga sa South Africa, matagumpay	12

Matatagumpay na TO

4 na sundalo patay, 7 sugatan sa labanan	13
------------------------------------------	----

Balita

	13
--	----

Pinagtatakpang katotohanan

Lumala ang palagiang krisis ng neokolonyal at malapyudal na ekonomya ng Pilipinas bunsod ng kasakiman ng rehimeng US-Arroyo at pagpapatupad nito ng imperyalistang patakarang "globalisasyon" sa siyam na taong paghahari nito. Higit pa ngayong hinahambalos ng rumaragasang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ang ekonomya ng Pilipinas. Ito ang sadyang inilingid ni Gloria Arroyo sa kanyang SONA. Kabilang sa mga sumusunod na datos ang hindi niya binanggit:

► Bumagsak nang 2.3% ang kabuuang produksyon (GDP) ng bansa noong unang kwarto ng taon.


► Bumagsak nang 6.6% ang produksyon sa industriya noong unang kwarto ng taon. Ito na ang pinakamalaking pagbagsak sa sektor ng industriya sa loob ng 20 taon. Lumiit nang lumiit ang bahagi ng manupaktura sa kabuuang pambansang produksyon. Mula sa pinakamataas na 29.1% noong 1973, nasa 20.2% na lamang ito noong 2008.

► Pinakamababa ngayon ang bahagi ng agrikultura (16%) sa kabuuang produksyon ng bansa.

► Pinakamataas ang tantos ng disempreyo sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Kahit batay na lamang sa mga estadistika ng gubyerno, tumaas mula 8.5 milyon tungong 11 milyon ang bilang ng mga walang trabaho at kulang sa trabaho mula Enero 2001

hanggang Abril 2009.

Sa hanay ng mga sinasabing may



trabaho, papalaki ang bilang ng mga may bahagyang-panahong trabaho na lamang. Mula 2001 hanggang 2009 ay lumobo mula 8.3 milyon tungong 14.3 milyon ang bilang ng mga may bahagyang-panahong trabaho lamang. Katumbas na ito ng 41% ng mga itinuturing na may empleyo nitong 2009. Nagkaroон daw ng 1.5 milyong bagong trabaho noong 2008, ngunit 87% ng mga ito ay wala o napakababa ang kita, kabilang na ang mga nagtrabaho nang libre para sa pamilya o nagtrabaho "para sa sarili."

► Pinakamalaking bilang ng mga Pilipino ang nangibang-bansa para maghanap ng trabaho mula 2001 hanggang 2008. Umaabot na ngayon sa mahigit isang milyon katao ang lumalabas taun-taon para maghanap ng trabaho kumpara sa 469,709 noong panahon ni Aquino, 713,505 noong panahon ni Ramos at 839,324 noong panahon ni Estrada.

► Dumobile ang halagang dapat idagdag sa minimum na arawang sahog para mabuhay nang disente ang isang anim-kataong pamilya sa

ilalim ng panungkulan ni Arroyo. Sa Metro Manila, tumaas mula ₱252 noong 2001 tungong ₱535 noong 2008 ang dapat idagdag sa ₱382 minimum na arawang sahog dahil ₱917 na

ngayon ang kinakailangan araw-araw para mabuhay nang disente ang

pamilya ng isang manggagawa.

► Batay sa pinakahuling mga estadistika ng National Statistical Coordination Board (NSCB), bumagsak nang ₱20,400 ang abereyds na kita ng pamilyang Pilipino mula 2000 hanggang 2006. Lumaki mula 25.1 milyon tungong 27.6 milyon ang bilang ng naghihirap na Pilipino mula 2000 hanggang 2006.

Ayon naman sa sarbey ng Social Weather Stations (SWS), pinakamataas sa kasaysayan ang inabot na 50% na antas ng karalitaan sa bansa sa ilalim ng paghahari ni Arroyo. Lumabas pa sa sarbey na apat na beses ang idinami ng mga nagugutom nitong nakaraang anim na taon.

Bumagsak nang 3.1% ang kabuuang personal at pambahay na konsumo ng mamamayan nitong unang kwarto ng 2009. Ito ang unang pagkakataong bumagsak ito sa loob ng 15 taon.

► Mula 2000 hanggang 2008, lumaki nang 2.45 milyon ang bilang ng kabataang dapat nag-aaral pero di makapag-aran. Pinalalala pa ito ng walang pakundangang pagtaas ng mga bayarin sa paaralan. Sa Metro Manila, sa loob ng siyam na taon ng naghaharing rehimeng tumaas ang singil sa matrikula nang 94.54% (mula sa abereyds na ₱439.59 tungong abereyds na ₱855.20 kada yunit).

► Mayroon na lamang ngayong isang doktor sa bawat 25,000 pasyente. Napakalayo nito sa kasalukuyang pandaigdigang pamantayan na isang doktor sa bawat 600 pasyente. Bukod sa binabarat ng rehimen ang sweldo at mga benepisyong mga manggagawang pangkalusugan, iniengganyo pa ng naghaharing rehimen ang pangingibang-bansa ng mga doktor at nars.

Sa ilalim ng Health Sector Reform Agenda, imbes na paghusayin ang kakayahan ng mga pampublikong ospital ay isinusulong ng re-

himen ang pribatisasyon at komersyalisasyon ng mga ospital. Kasa-bay nito, pinaliit nang husto ang bahagi sa pambansang badyet para sa kalusugan ng mamamayan Pilipino.

► Tadtad ang buong siyam na taong paghahari ng rehimeng US-Arroyo ng naglalakihang anomalya sa pangungurakot ng kanyang pamilya at mga alipures niya. Tampok sa mga ito ang \$14 milyong kikbak mula sa IMPSA-Argentina para sa rehabilitasyon ng isang planta ng kuryente noong kauupo pa lamang ni Arroyo; ang ₱1.4 bilyong kipur sa PEACe Bonds; ang ₱600-milyong patong sa gastos para sa President Diosdado Macapagal Boulevard; ang \$200 milyong patong sa badyet para sa Northrail Project; ang ₱2.8 bilyong kurakot sa Ginintuang Masaganang Ani; ang nawawalang ₱4 bilyon sa Road Users' Tax; ang naipauna nang \$41 milyon para kay Arroyo at kabuuang \$130 milyong hinihingking kikbak sa NBN-ZTE Broadband Project; at ang nawawa-la ngayong malaking bahagi ng ₱330 bilyong "Pondong Pampasikad ng Ekonyoma."

► Kabaligtaran ng pinagsasabi ni Arroyo, lumaki ang utang ng gubyerno nang ₱256.8 bilyon taun-taon mula nang maupo si Arroyo. Ang minana niyang ₱2.17 trilyong utang ng rehimeng Estrada ay dinoble niya at umaabot na sa mahigit ₱4.8 trilyon ngayon. Pinakamalaki na ngayon ang iniluluwal niyang bayad-utang sa kasaysayan ng bansa. Mula 2001, gumugol siya ng ₱4.8 trilyong bayad-utang, 350% mas malaki sa pinagsama-samang ibinayad nina Aquino, Ramos at Estrada sa loob ng 15 taon. Ngayong taon, gumagastos lamang ang gubyerno ng ₱6 kada Pilipino para sa edukasyon, ₱1 para sa kalusugan at ₱0.12 para sa pambahay, samantalang ₱21 ang inaagaw ng rehimeng mula sa bawat Pilipino bilang pambayad-utang.

AB

SONA ni Arroyo, hungkag

“**W**alang inaasahan ang mamamayan Pilipino sa nalalapit na huling SONA ni Gloria Arroyo.” Ito ang sinabi ni Jorge “Ka Oris” Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, sa pahayag na inilabas noong Hulyo 27.

Binatikos ni Ka Oris ang papet, korap at marahas na rehimeng habang pinupuri ang mamamayan sa tuluy-tuloy nilang paglaban. Aniya, ang pamamaalam ng rehimeng tangi sanang nais marinig ng mamamayan pero tulad ng inaasahan, walang bukambilig si Arroyo kundi ang mga pakana at patakarang makapagpapanatili sa kanya sa poder. Handa siyang gawin ang lahat, maging ang pagpapataw ng batas militar, ayon kay Ka Oris.

Nanawagan si Ka Oris na paigtingin ang rebolusyonaryong pakikibaka sa Mindanao at sa buong bansa laban sa mga galamay ng estado bilang kontribusyon sa pagpapatalsik kay Arroyo.

Binatikos din ng NDF-Southern Mindanao ang SONA ni Arroyo bilang kahiya-hiyang pagtatangkang tabunan ang tunay na kalagayan ng bansa. Pinuri nito ang libu-libong mamamayan nagrali laban sa rehimeng Davao City. Pinasinungalingan nito ang matatag na ekonomya at “matibay na panunungkulang” ipinagyayabang ni Arroyo na katumbas ng kanyang madugong paghahari at ang pagtatangkang lokohin at pasukuin kapwa ang NDFP at Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa pamamagitan ng usapang pangkapayapan.

Samantala, naglabas ng espesyal na pahayag ang Antonio Nerio Antao Command (ANAC) ng BHB sa Southern Mindanao upang batikusin ang pagpresenta ni Arroyo sa isang surrender na dati umanong myembro ng komite sa naturang larangan. Ipinresenta ni Arroyo ang naturang surrender para itanghal ang kanyang mga huwed na programa at amnestiya.

Ayon sa NAC, walang presyo ang kanilang paninindigan. Hindi kailanman makukumbinsi ang mga rebolusyonaryo na isuko ang kanilang determinasyon sa pakikibaka at komitment sa mamamayan nang dahil lamang sa hungkag na ilusyong nililikha ni Arroyo sa pagbabandera niya ng isang nagngangalang “Lea” na nagtaksil sa rebolusyon at mamamayan at nagpagamit kay Arroyo sa kanyang mga kasinungalingang iniaahon ng rehimeng kahirapan ang bansa.

Naglabas din ng pahayag si Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng NDFP-Northern Mindanao. Binatikos niya ang kasinungalingan ni Arroyo kaugnay ng idineklara nitong suspensyon ng mga opensi-bang militar (SOMO) laban sa MILF at NDFP. Pampabango lamang ito at walang katotohanan, aniya. Libu-libong mamamayan ang napilitang lumikas sa kanilang mga tirahan dahil sa tuluy-tuloy na pambombola at pang-aatake sa mga komunidad ng mga Lumad at Moro. Nagpahayag ng pakikiramatay ang NDFP-NEMR sa mamamayan pinahihirapan ng mga operasyon ng AFP. Ang terorismong ito ng rehimeng laban sa mamamayan ay bahagi ng Oplan Bantay Laya 2 na ipinatutupad ng rehimeng at mahigpit na nilalabanan ng rebolusyonaryong kilusan.

AB

Kaliwa't kanang protesta sa huling SONA ni Arroyo

Dumagsa ang libu-libong mamamayan sa lansangan upang batikusin ang huling State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo noong Hulyo 27.

Umabot sa 15,000 ang lumahok sa protesta sa kahabaan ng Commonwealth Ave. sa Quezon City. Pinangunahan ito ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Kilusang Mayo Uno, Bayan Muna, Anakpawis, GABRIELA at iba pang progressibong organisasyon. Ang protesta ay tinawag na "Pambansang bigwas kontra *con-ass* ni Arroyo". Dumalo rin sa pagkilos ang mga pwersa mula sa Southern Tagalog (ST) sa pangunguna ng BAYAN-ST at Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK) na nagsimulang magmartsa noon pang Hulyo 22.

Bukod sa patuloy na paglaban sa nilulutong *con-ass* ng rehimeng binatikos din ng mga raliyista ang bigong programa ng rehimeng ekonomya at serbisyon panlipunan nitong nakalipas na siyam na taon. Ayon kay Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng BAYAN, "Matatandaan si Arroyo bilang pangulo na nagbunsod ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin dahil sa ipinapataw na Expanded Value Added Tax sa langis at kuryente. Mata-tandaan din siya bilang pangulo na nagbabayad ng utang panlabas habang napakababa ng antas ng serbisyon panlipunan para sa taumbayan."

Samantala, lumabas sa Batas-

ang Pembansa ang mga kinatawan ng mga progresibong partido na sina Satur Ocampo, Teddy Casiño at Neri Colmenares ng Bayan Muna; Liza Maza at Luzviminda Ilagan ng Gabriela Women's Party; Rafael Mariano at Joel Maglunsod ng Anakpawis; at Raymond Palatino ng Kabataan Party. Ayon sa mga progresibong kongresista, hindi naman babanggitin ni Arroyo ang tunay na kalagayan ng bansa. Patuloy na kahirapan, kagutuman at kawalang-hustisa ang nararanasan ng mamamayan sa kanyang panunungkulan at puro kasinungalingan lamang ang kanyang ibibida sa kanyang talumpati sa Kongreso. Dagdag pa nila, dapat linawin ni Arroyo kung ano ang kanyang tunay na plano pagkatapos ng 2010 at hindi niya dapat itago sa likod ng *charter change* ang plano niyang manatili sa poder.

Naglunsad rin ng mga pagkilos sa iba pang lugar sa Luzon, sa Vi-

sayas at Mindanao at maging sa ibang mga bansa.

Sa Luzon, pinangunahan ng Cordillera Peoples' Alliance ang rali sa People's Park sa Baguio. Naglunsad rin ng pagkilos sa La Union. Bukod sa SONA, binatikos din dito ang malakihang pagmimina sa rehiyong Ilocos-Cordillera. Nag-organisa rin ng pagkilos ang United Action Kontra Chacha sa Santiago City sa Isabela.

Isang *effigy* naman ni Arroyo ang ipinarada ng mga nakiisa sa rali sa Legazpi City sa Albay. Kasama sa dinaanan ng mga nagprotesta ang harap ng Camp Gen. Simeon Ola sa Legazpi. Sa Ateneo de Naga ay daan-daang mga estudyante ang nag-*walk out* sa kanilang mga klase upang makiisa sa *prayer rally* sa Plaza Quezon. Binigyan nila ng bagsak na grado si Arroyo sa kanyang panunungkulan dahil sa bigo niyang pangako sa kanyang ika-siyam na SONA. Tinatayang umabot sa 17,000 ang nakiisa sa iba't ibang pagkilos sa mga lalawigan ng Bicol.

Sinabi naman ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon na lalong lumala ang problema ng mga magsasaka sa kanayunan dahil sa



mga kontra-magsasakang patakarang ipinapataw ng rehimeng Isang porum naman kontra sa *con-ass* at *cha-cha* ang inilunsad sa Holy Family Academy Auditorium sa Angeles City sa pangunguna ng BAYAN-Central Luzon. Dinaluhan ito ni Fr. Ed Panlilio, gubernador ng Pampanga. Naglunsad rin ng mga rali sa Aurora, Nueva Ecija, Tarlac, Bulacan, Bataan at Zambales.

Sa Visayas, umabot sa 12,000 ang lumahok sa pagkilos na pinangunahan ng simbahang Katoliko sa Bacolod City. Nagtipon sa Bacolod City Public Plaza ang mga manggagawa, manggagawang bukid, magsasaka, mga estudyante't guro at mga progresibong grupo. Binasa nila ang isang bukas na lham ng pagtutol sa *cha-cha*.

Samantala, Hulyo 26 pa lamang ay sinimulan na ng BAYAN-Panay ang lakbay sa isla. Mula sa Miag-ao, Iloilo nagmartsa ang mga magsasaka, estudyante at iba pang sektor habang sa sentral na bahagi ng lalawigan ay nagtipon sila sa Janiuay kasama ang mga Tuman-duk. Umabot sila sa 1,500 pagdatis ng Iloilo City. Pinagbabalibag nila ng putik ang bilbord ni Arroyo sa kalye ng General Luna. Sa Capiz naman, nagkampo ang 1,000 katao sa Band Stand at naglunsad ng *cultural rally* na pinamagatang "Lakbay sang Pumuluyo" na pinangunahan ng BAYAN at Katilingban sang Magagmay nga Mangingisda. Sa Kalibo, Aklan, may 500 ang nakiisa sa State of the People's Address.

Sa Tagbilaran City sa Bohol, nagprotesta ang mga kasapi ng Boholanos Against *con-ass* (Bacona) sa pampublikong parke na kanilang sinimulan dalawang linggo bago ang SONA. Isang tigil-pasada naman ang inilunsad ng Nagkahiusang Draybers sa Sugbo (NADSU) sa Cebu City noong araw ng SONA ni Arroyo. Naparalisa nila ang 80% ng transportasyon sa syudad. Pagkatapos nito ay nakiisa sila sa BAYAN-Central Visayas sa protesta sa Gaisano Metro Colon kung saan umabot sa 1,000 ang sumama. Isang lakbay naman sa Eastern Visayas ang inilunsad kung saan nakatipon ng 3,000 sa araw ng SONA sa Tacloban City.

Sa Mindanao, nakiisa si Bukidnon Rep. Teofisto Guingona III at Joel Virador sa pagkilos sa harap ng Davao City Hall. Nagmartsa sila sa buong syudad at sinunog ang isang *effigy* sa kalagitnaan ng ta-lumpati ni Arroyo sa Maynila. Ayon sa Union of People's Lawyers in Mindanao, sa panunungkulan ni Arroyo lumobo nang husto ang utang ng bansa. Taliwas ito sa kanyang ipinagyayabang na nabawasan ito dahil sa mga remitans ng mga mi-granteng manggagawa. Sa Cagayan de Oro City, naglunsad ng State of the People's Address (SOPA) ang BAYAN-Northeast Mindanao bilang pantapat sa mga kasinungalingan sa SONA ng rehimeng Arroyo. Binatikos din nila ang karahasan ng rehimeng Arroyo na maralita sa mga lunsod sa rehiyon bunsod ng sunud-sunod na demolisyon sa palengke ng Agora at Cogon at sa komunidad sa Lapanan. Sa Butuan at Tandag City, isang *motorcade* at rali ang inilunsad at isang *torch parade* naman ang isinagawa sa Dipolog City. Nagnguna naman ang BAYAN sa isang rali sa Iligan City.

Sa Hongkong, pinangunahan ng MIGRANTE at United Filipinos in HK (UNIFIL) ang rali sa konsulada ng Pilipinas sa syudad. Binalaan nila

Dagdag-bawas sa paghirang ng mga National Artist

Maging pagpaparangal sa larangan ng sining ay hindi ligtas sa pakikialam ng Malacañang.

Binatikos ng mga National Artist at iba pang personahe, daluhasa at organisasyon sa kultura at sining, kabilang na ang Concerned Artists of the Philippines (CAP) at pamunuan ng Cultural Center of the Philippines, ang pagdagdag ni Arroyo ng mga bagong National Artist na hindi kasama sa mga inirekomenda ng mga hurado. Basta na lamang isinama ni Arroyo bilang National Artist ang direktor ng pelikula na si Carlo J. Caparas; tagapayo ni Arroyo sa kultura at sining na si Cecile Guidote-Alvarez; *fashion designer* na si Pitoy Moreno; at arkitektong si Francisco Mañosa. Pinakamariin ang pagbatikos sa pagrerekomenda ni Guidote-Alvarez ng sarili gayong siya ang *executive director* ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA), isa sa mga hurado sa pagpili ng mga National Artist. Ayon sa mga hurado, tinanggal naman sa inihanda nilang listahan ang kompositor na si Ramon Santos at ipinalit ni Arroyo ang mga manok niya.

Sinabi ng National Artist at myembro ng NCCA na si Bienvenido Lumbera na kahiya-hiya at malaking insulto ang iskandalong dagdag-bawas sa pagpili ng mga tataguriang National Artist. Sa kabila ng malakas na protesta sa pagbabago niya sa listahan, nagmamatisgas pa rin dito si Arroyo.

Naglulunsad ng martsa mula sa upisina ng Cultural Center of the Philippines (CCP) sa Pasay City hanggang sa NCCA sa Maynila ang mga National Artist nitong Agosto 7 para batikusin ang panghihi-masok ni Gloria Arroyo.

AB

ang mga kongresista na pabor sa *con-ass* ni Arroyo na hindi sila tatanggap ng suporta mula sa mga pamilya ng mga migranteng manggagawa. Sa New Zealand, umakyat naman sa bundok ng Ruapehu ang mga kasapi ng Migrante-Aotereoa at doo'y naglunsad ng protesta bilang simbolo ng kanilang pagtutol na baguhin ang saligang batas ng Pilipinas.

Sa US, pinangunahan ng BAYAN-USA ang mga pagkilos sa iba't ibang lugar dito. Naglunsad ng piket ang mga Pilipino-Amerikano sa embahada ng US sa Washington, DC. Dinala nila ang isyu kay Melissa Roxas at sinabing si Arroyo ang may pakana ng mga pagdukot at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas. Sa New York City, naglunsad naman ng Real State of the Nation Address ang GABRIELA-USA. Panauhin nila si Sr. Mary John Mananzan ng Association of Major Religious Superiors in the Philippines (AMRSP). Sa Los

Angeles, isinadula ang pagdukot kay Melissa Roxas, habang panawagan din ang pagbasura sa Visiting Forces Agreement. Naglunsad naman ng tahimik na pagpoprotesta ang Anakbayan sa New Jersey.

Isang People's SONA naman ang isinagawa ng BAYAN-Canada sa Montreal bilang protesta sa SONA ni Arroyo. Ilang araw ang kanilang aktibidad na kinabilangan ng mga porum at rali. Mayroon ding mga pagkilos sa Ottawa, Toronto at Vancouver.

Sa Saudi Arabia, isang *press conference* ang isinagawa ng Migrante noong Hulyo 27. Panawagan nila ang "tao, hindi *con-ass*" at "Wakasan ang pang-aalipin at panloloko ni GMA sa mga OFW".

Kinundena naman ng Migrante-Netherlands ang huling SONA ni Arroyo. Sinabi pa nila na "parami nang parami ang umaalis sa bansa dahil walang trabahong makuha sa Pilipinas."

AB

Pagbisita ni Arroyo sa US

Pagtitibay ng katayuang papet

Ang pagbisita ni Gloria Arroyo kay US President Barack Obama noong Hulyo 30 sa Washington D.C. ay katuraran ng malaon nang pangarap at paghahabol ni Arroyo na magkaroon ng pagkakataong makausap o malitratuhan man lamang kasama ang bagong pangulo ng US. Ito'y para maka-kuha siya ng kahit gahiblang suporta ng US para sa kanyang lubha nang kinamumuhian at hiwalay na rehimen, at mapagtibay ang katayuan niya bilang punong papet ng US sa Pilipinas.


Tulad ng inaasahan ay lalo lamang pinatingkad ng pagbisita ni Arroyo sa US ang pagpapakatuta niya sa bagong amo. Tulad ng matapat na tuta, tinanggap niya ang atas na maging tagapamagitan daw ng US at iba pang bansa sa Southeast at East Asia. Utos ng amo na magsilbi siyang tagapamandila ng pusisyon ng US, taliwas sa tindig ng ibang bansa sa rehiyon.

Pinagtibay din ng atas ni Obama ang patuloy na pagiging "ikalawang larangan" ng Pilipinas sa pandaigdigang "gera laban sa terorismo." Sa gayon, pinagtibay nito ang permanente nang pagbabase at maging ang tuwiran at di tuwirang paglahok ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong militar sa

bansa, gayundin ang makaisang panig at mapang-aping Visiting Forces Agreement.

Lantad na lantad at kahiya-hiya ang kinalabasan ni Arroyo bilang nangangayupapang utusan ng US sa rehiyon. Nilunok lamang ito ni Arroyo kapalit ng di pagbanggit ni Obama sa publiko ng anuman hinggil sa mga akusasyon ng pandarahas, korapsyon at panlilinlang ng papet na rehimen sa mamamayang Pilipino. Sarilinan na lamang nagusap ang dalawa tungkol sa sikreto at mas maseselan pang mga usapin at kutsabahan.

Sa desperasyon na makuha ang basbas ng amo para sa pagpapatu洛 ng paghahari ni Arroyo, tiyak na marami pang ipinangakong kon-



sesyon ang papet na presidente na ibayong makapagpapalakas sa katayuan sa ekonomya, pulitika at militar ng US sa Pilipinas. At tiyak na sinagpang ng US ang bulnerabilidad ni Arroyo ngayon para pigain mula sa kanya ang lahat ng benthang wedeng makuha para sa US. Kabilang dito ang pagpapahintulot ng 100% pag-aari ng mga dayuhan ng lupa at mga estratehikong negosyo sa bansa.

Wala itong ibang idudulot kundi ibayong pinsala sa mamamayan, kasarinlan, ekonomya at pambansang patrimonya ng Pilipinas.

AB

NDFP, nagpugay kay Aquino

Nagbigay-pugay ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) kay dating Pres. Corazon Aquino na pumanaw noong Agosto 1. Anito, ang yumaong pangulo ay bantog na personahe ng antipasistang alyansa laban sa diktadurang Marcos, laluna matapos patayin ang kanyang asawa, si dating Sen. Benigno Aquino Jr. Lantaran niyang binatikos ang suporta ng US sa pasistang diktadurang Marcos kapalit ng pagpapalakas sa interes sa ekonomya ng US sa bansa at pagpapatuloy ng mga base militar nito.

Ang pahayag ay nilagdaan nina Prof. Jose Ma. Sison, pangunahing konsultant ng NDFP; Luis Jalandoni at Fidel Agcaoili, tagapangulo at pangalawang tagapangulo ng NDFP Negotiating Panel; at mga kagawad nitong sina sina Juliet de Lima-Si-

son, Coni Ledesma at Asterio Palima. Lumagda rin ang iba pang mga konsultant ng NDFP na sina Vicente Ladlad, Rafael Baylosis, Randall Echanis, Danilo Borjal at Elizabeth Principe at pangunahing abugado ng NDFP na si Romeo Capulong.

Mga maniobrang hindi umuubra

Wala pa ring tigil si Gloria Arroyo sa kasusubok ng mga paraan para makapagpalawig sa poder lagpas sa 2010. Naisip niyang pamunuan ang isang "gubyernong pantransisyon," at niligawan pa niya ang mga kritiko para suportahan ang kanyang pakana.

Naiulat kamakailan na kinausap ni National Security Adviser Norberto Gonzales sina Bishop Antonio Tobias ng Novaliches at Chief Justice Reynato Puno ng Korte Suprema para hingin umano ang kanilang opinyon at himukin sila sa naturang plano. Para maengganyo ang obispo at ang punong mahistrado na suportahan ito, inalok din sila ng pusingon sa isang "konsehong pantransisyon." Ang konseho, na itatayo para umano pangasiwaan ang pagbabago sa konstitusyon bago ang eleksyon sa 2010, ay pamumunuan ni Arroyo sa pagtatapos ng kanyang termino sa Hulyo 2010 sakaling di pa agad maipatupad ang *cha-cha*. Kapag nailatag na ang mga pagbabago sa konstitusyon na magbibigay-daan sa panungkulan ni Arroyo bilang punong ministro sa ilalim ng sistemang parlamentaryo, mangangahulugan ito ng walang puknat na paghahari ni Arroyo.

Sinalubong ng malawak na pagtutol ang pakanang ito, na inaamin mismo ni Gonzales na hindi pinahihintulutan ng saligang batas ng reaksyunaryong gubyerno. Gagamit si Arroyo ng pwersang militar para supilin ang anumang pagtutol.

Ang namumuong posibilidad ng ibayong panunupil-militar ang nag-udyok kay Avelino Cruz, dating kalihim sa depensa ni Arroyo, na manawagan kamakailan sa mga elemento ng AFP na suwayin ang mga iligal na utes. Si Cruz ay isa sa mga myembro ng gabinete na tumutol sa plano ni Arroyo noong 2006 na magpataw ng batas militar matapos ang deklarasyon ng *state of emergency*.

Maagang nalalantad at agad sinasalubong ng malalakas na batikos kaya't nauuntol ang mga marumi at marahas na planong ito nina Arroyo.

Anang NDFP, nang maging presidente si Aquino, isa sa mga una niyang ginawa ang pagpapalaya sa daan-daang detenidong pulitikal, kabilang na si Professor Sison. Ito ay pagtupad sa kanyang pangako nang siya ay mangampanya sa pagkapresidente. Ani Jalandoni, ang pagpapalaya ni Aquino sa daan-daang mga detenidong pulitikal ang pinakakahanga-hanga niyang nagaawa. Mainam aniyang halimbawa ito ng pagtupad sa komitment at pagpapakita ng kagandahang-loob. Idinagdag niya na hindi ito nakikita sa administrasyon ni Gloria Arroyo.

Nailunsad din sa ilalim ng panunungkulan ni Aquino ang usa pang pangkapayapaan subalit natigil ito nang walang pakundangang pagbabarilin ng militar at pulisia ang mga magsasakang naggigiit ng reforma sa lupa noong Enero 22, 1987 sa Mendiola.

Itinaguyod din ni Aquino ang pagbalangkas ng bagong konstitusyon para palitan ang saligang batas na binuo sa ilalim ng diktadura. Ayon sa NDFP, bagamat may mga probisyon ang konstitusyon ng 1987 na nagamit laban sa pagpatupad ng tunay na repermang agraryo sa bansa, mayroon itong mga probisyong nagtagataguyod sa karapatang-tao, naggerenda sa pagpapataw ng batas militar, nagsapanatili ng ilang restriksyon laban sa dayuhang pamumuhunan at nagbabawal ng mga base militar, dayuhang tropa at armas nukleyar sa bansa.

Nilabanan din ni Aquino ang mga anti-demokratikong patakaran at hakbangin ng mga sumunod sa kanya bilang presidente, mula kay Fidel Ramos hanggang kina Joseph Estrada at Gloria Arroyo, at nakiisa siya sa mga patriyotiko at progresibong pwersa sa mga kilos protesta. Kahit malala na ang kanyang karamdamang kanser, matinding binatikos ni Aquino ang balaking

AB

constituent assembly (con-ass) na iiginigiit ni Arroyo at mga alipures nito. Aniya, kahiya-hiyang pang-aabuso ito sa poder.

Samantala, sa isang panayam, sinabi nina Professor Sison at asawa niyang si Juliet de Lima na naging malapit sila at ang mag-asawang Aquino dahil sa paglaban nila sa diktadurang Marcos. Ani Sison, halos dalawang taong nilabanan ni Aquino ang paggigiit ng

militar na kanselahin ang kanyang pasaporte. Nang hindi na ito mapigilan ni Aquino dahil sa tindi ng mga banta ng militar laban sa kanyang rehimene, pinaabutan niya si Sison na mas magiging ligtas siya kung sa labas na lamang siya ng bansa maninirahan. Bagamat kinailangang batikusin ni Sison si Aquino sa publiko para rito, hindi nawala ang kanilang mabuting relasyon.

AB

Daan-daang libo, nakipaglibing kay Aquino

Daan-daang libo hanggang milyong katao ang nakidalamhati nang ihatid sa huling hantungan si dating Pres. Corazon Aquino nitong Agosto 5. Di alintana ng mga tao ang pagbuhos ng ulan nang maghintay sila sa mga kalsadang dinaanan ng mga labi ni Aquino mula Manila Cathedral tungong Manila Memorial Park sa Parañaque City. Ito na ang pinakamalaking pagtitipon ng nagkakaisang mamamayan matapos ang EDSA 2 noong 2001.

Hindi lamang pakikidalamhati sa pamilya ng yumaong dating pangulo ang nagbunsod ng malawakang pagtitipon. Bukod sa pagpugay kay Aquino, bukambilig ng mamamayang humugos sa lansangan ang panawagang "Tuloy ang laban!" Ayon sa mga progresibong organisasyong sumama sa martsa at iba pang kasabay na pagkilos, muling nabuhay ang makasaysayang pagkakaisa at pakikibaka ng mamamayan sa EDSA di lamang para makidalamhati sa pagkamatay ni Aquino, kundi dahil kailangan parang magbigkis ang mamamayan para lutasin ang malubhang kahirapan, kawalan ng katarungan, at paghahari ng kasakiman.

Kinilala nila ang mahalagang papel at pagiging simbolo ni Cory sa paglaban sa pasistang diktadura noong panahon ni Marcos. Kahit nawala na siya sa pwesto, ipinagpatuloy niya ang paglaban sa pandaraya sa eleksyon, korapsyon, pagkabangkarote, karahasanan at pang-aabuso sa kapangyarihan. Hanggang sa mga huling araw niya, mariin niyang tinuligsa ang mga katiwalian, paglabag sa karapatang

sibil ng mamamayan at pakanang *cha-cha*. Magiit siyang nanawagan sa pagbibitiw ni Arroyo at pagpatuloy ng paglaban ng mamamayan sa kasakiman sa yaman at kapangyarihan ng isang nagnanais na higitan pa si Marcos.

Hindi maikakaila na malaking sampal sa rehimeng Arroyo ang malawakang pakikiramay at pagpapakita ng suporta ng mamamayan nang matay si Aquino dahil sa matingkad na papel ng dating pangulo sa alyansang anti-Arroyo.

Bumwelta sa pangkating Arroyo ang nakaiinsulto nitong pagbawi sa mga badigard ni Aquino noong Hunyo matapos basahin sa isang malaking rali ang pahayag ni Aquino na bumabatikos sa administrasyon. Nagkumahog si Arroyo na bumawi sa pamamagitan ng pag-alok ng *state funeral* para kay Aquino, pero tinanggihan ito ng pamilya. Hindi rin nila binigyan ng anumang papel si Arroyo sa lamay at paglilibing.

Gayunpaman, para magpakitang-tao ay bumisita pa rin si Arroyo sa lamay noong madaling araw ng Agosto 5. Sadya niyang inanta-

la ang kanyang pag-alis sa US at itinaon sa madaling araw ang pagbalik niya sa Pilipinas para kakaunti lamang ang bilang ng mga taong madadatnan niya sa burol. Nabalot ng matinding tensyon ang lamay nang dumating siya, lalupa't napakatindi ng galit sa kasalukuyang rehimene ng mga naroroon at masama ang tingin nila sa pangkat nina Arroyo. Pitong minuto lamang ang itinagal ni Arroyo sa loob ng Manila Cathedral sa tindi ng takot niya sa mga nakikiramay.

Kabado ngayon sina Arroyo dahil ang laki ng bilang ng mga nakipaglibing kay Aquino ay palatandaan na may kakayahan ang mamayang maglunsad ng malawakang pag-aalsa kapag ipinagpilitan nilang iratsada ang *cha-cha* para manatili sa poder.

Para madisimula ang pampulitikang kahulugan at banta sa kanyang rehimene ng malaking bilang ng humugos sa kalsada at nagpahayag ng mga saloobin, inatasan ng Malacañang ang PNP na paliitin ang iniuulat nitong bilang ng mga lumahok at sumalubong sa martsa.

Sa harap ng pagkaganid sa kapangyarihan ni Arroyo na halos wala nang pinag-iba sa diktador na si Marcos, nagbabadya ngayon ang pag-ulit ng mga pangayari noong 1983 hanggang 1986. Naipamalas ng milyong dumagsa sa burol, sa lansangan at sa paglilibing kay Cory Aquino na taglay pa rin ng mamayang gayong lakas at kakayahsan.

AB





Melissa Roxas, palaban sa rehimen

Bumalik na sa bansa si Melissa Roxas, myembro ng BAYAN-USA at grupong pangkulturang Habi Arts sa Los Angeles, California noong Hulyo 20 upang pangatawanan at ipursige ang pagsasampa ng mga kasalanan laban sa mga dumukot at nagpahirap sa kanya at dalawa niyang kasama. Dumalo siya sa pagdini ng Court of Appeals hinggil sa petisyon niya para sa *writ of amparo*. Tumestigo rin siya sa Commission on Human Rights (CHR) at sa Committee on Human Rights ng House of Representatives hinggil sa pagdokot at pagtortyur sa kanya.

Tinangkang sirain ng rehimen ang kredibilidad ng aktibistang Pilipino-Amerikano gamit ang kilalang berdugong si Jovito Palparan at anti-komunistang lider vigilante na si Pastor Alcover Jr.

Pinalalabas nina Palparan at Alcover na ang BHB ang dumukot kay Roxas dahil umano sa kagustuhan niyang umalis na sa rebolusyonaryong kilusan. Nakipagkor pa sa kanila ang mga pinuno at tagapagsalita ng AFP. Naghabi sila ng istorya at nagpakita pa ng mga bidyo at litrato na magpapatunay daw dito. Itinatanggi ni Roxas na siya ang nasa nasabing mga bidyo at litrato.

Binibigyang katwiran pa nina Palparan at Alcover ang pagdokot at pagpahirap kay Roxas dahil kasapi naman umano siya ng kilusang komunista. Sa katawa-tawang iskrip ng dalawang sira-uloh, nais lamang daw ni Roxas na hiyain ang rehimeng Arroyo.

Mariing itinanggi ni Roxas ang mga kabulastugan ng dalawa.

Ang gawa-gawang mga kwento nina Palparan at Alcover ay kakorong mga pahayag ng Malacañang at ng AFP nang unang pumutok ang balita hinggil sa pagdokot at pagtortyur kay Roxas. Gawa-gawa lang niya umano ang kwento. Pinatiingkad din nito ang malaon nang gawi sa ilalim ng rehimeng Arroyo na paghuhugas-kamay nila sa mga pagdokot, pagtortyur at pagpatay sa napakaraming aktibista, pagbu-

bunton ng sisi sa mga biktima mismo at pagbaling ng akusasyon sa Partido Komunista ng Pilipinas at BHB.

Sinabi naman ni Atty. Leila de Lima, tagapangulo ng CHR na kung totoo man na si Roxas ang nasa bidyo, ang pangunahing usapin ay ang pagdokot at pagtortyur sa kanya at hindi ang kanyang kinasasanibang mga organisasyong pampilitika.

Sa kabilang mga pagtatangka ng rehimeng Arroyo na siraan siya



at busalan, nananatiling matatag si Roxas sa kanyang desisyong sabihin ang katotohanan at kamtin ang katarungan para sa kanya at iba pang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao.

Nakapagsampa na rin ng kasalanan si Roxas laban kay Gloria Arroyo sa US State Department at sa upisina ni Prof. Manfred Nowak, United Nations Special Rapporteur on Torture.

AB

Elizabeth Principe, nakalaya na

Matapos ang halos 18 buwan ng pagkakakulong bilang detenida ng politikal, nakalaya na si Elizabeth Principe, konsultant ng National Democratic Front of the Philippines matapos ibasura ng Regional Trial Court sa Nueva Vizcaya ang pinakahuling kasalanan sa kanya. Bago ito ay naibasura na rin ang lahat ng iba pa niyang kasalanan.

Hulyo 21, alas-4:25 ng hapon nang ilabas si Principe mula sa PNP Custodial Center sa Camp Crame. Noong araw ding iyon, naglunsad muna siya ng *hunger strike* kasama sina Randall Echanis, Eduardo Serrano, Eduardo Sarmiento, Prospero Agudo at iba pang detenidong politikal. Kasabay nito ay naglunsad ng piket ang kanilang mga tagasugorta.

Pinilit ng AFP na pigilan ang paglaya ni Principe subalit dahil sa matinding presyur ng mga nagpoprotesta sa labas at sa kautusan ng korte ay wala na itong nagawa. Paglabas niya, sinalubong siya ng kanyang anak na si Lorena Santos, Gabriela Women's Party Rep. Liza Maza at mga progresibong grupo.

Sinabi ni Principe na utang na loob niya sa sambayanang Pilipino ang kanyang paglaya at hindi sa rehimeng Arroyo. Muli siyang makikiisa sa laban ng sambayanan para patalsikin si Arroyo. Hiniling din niya na palayain na ang iba pang mga detenidong politikal na nakakulong pa rin sa kasalukuyan.

AB



Mga bakwit sa Mindanao, naghihirap

May humigit-kumulang 250,000 mamamayan Moro na nagsisisikan sa mga *evacuation center* ng Central Mindanao. Karamihan sa mga bakwit ay nakatigil sa Maguindanao at North Cotabato.

Napipilitan silang magsiksikan doon dahil hindi pa sila makauwi nang ligtas bunsod ng nagpapatuloy na mga labanan sa pagitan ng mga pwersa ng gubyerno at MILF sa 109 barangay ng Maguindanao at North Cotabato.

Ito ang inilahad sa "State of Bakwit Address" (SOBA) na binasa sa isang porum na inilunsad noong Hulyo 23 sa Notre Dame University Gym sa Cotabato City. Ang porum ay dinaluhan ng mga propesyunal, estudyante, kinatawan ng mga organisasyon ng mamamayan at mga bakwit.

Mula nang sumiklab ang mga labanan noong Agosto 2008, umabot na sa 157,584 pamilya o 756,544 katao ang kabuuang bilang ng mga lumikas mula sa kanilang mga barangay sa North Cotabato, Maguindanao at Lanao del Norte, ayon sa National Disaster Coordinating Council.

Ito na ang pinakamalaking bilang ng mga bakwit sa buong mundo noong 2008.

Kahit nasa mga *evacuation center* na ay patuloy ang paghihirap ng mga bakwit. Isang dalawang buwang gulang na sanggol ang naiulat na namatay dahil sa malnutrition nito lamang Hunyo 20. Malubha namang nasugatan ang isang 6-taong gulang na bata dahil sa walang pakundangang pagmomortar ng militar sa *evacuation center* sa Barangay Libutan, Mamasapano, Maguindanao noong Hunyo 15.

Noong Mayo 7, tatlong bakwit sa Datu Piang na nagngangalang Law Mahmud, 32; Kaharudin Tasil, 26; at Harudin Melen, 28 ang bigla na lamang dinukot nang magpunta

sila sa kanugnog na bayan ng Datu Saudi Ampatuan para kunin ang suplay ng pagkain mula sa International Committee of the Red Cross (ICRC) para sa kanilang *evacuation center*. Ito'y dahil hinirang ng militar ang komboy ng ICRC. Ang

bangkay ni Law ay natagpuang lumulutang sa Pulangi River noong umaga ng Mayo 12. Hindi pa natatagpuan sina Kaharudin at Harudin.

Marami rin sa mga bakwit ang biktima ng panununog ng militar sa kanilang mga bahay at pangwasak sa kanilang mga ari-arian at bukirin.

AB

Konsultant ng NDFP, inaresto

Iilang araw pa lamang mula nang ibalik ng rehimeng Arroyo ang bisa ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) ay iligal na inaresto ng mga elemento ng militar at pulisya ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Alfredo Mapano mga alas-2 ng madaling araw noong Agosto 1 sa Cagayan de Oro City. Si Mapano na inaakusahang kalihim ng North Central Mindanao Region, ay sinampaahan ng walong gawa-gawang kasong kriminal.

Ayon sa mga ulat, si Mapano ay nakipagkita sa kanyang asawa at mga anak at makikipagkonsultasyon sa iba pang lider at myembro ng NDFP Negotiating Panel kaugnay ng gaganaping formal na usapang pangkapayapaan nang siya ay arrestuhin.

Sa isang pahayag, mariing binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang iligal na pag-aresto kay Mapano. Anito, dapat igalang ng gubyernong Arroyo, militar at pulisya ang sarili nilang mga pangako at kagyat na palayain si Mapano. Ang pag-aresto sa kanya ay sampal sa prosesong pangkapayapaan at ang kanyang patuloy na detensyon ay pagkutya sa muling pagbuhay sa formal na usapang pangkapayapaan, dagdag ng PKP.

Drayber ng pedicab, pinaslang

Binaril at napatay ng isang sundalo ang isang drayber ng *pedicab* sa Aglipay, Quirino noong Hulyo 27. Nakilala ang salarin na si PFC Ariel Ayahao, elemento ng Military Intelligence Group (MIG) ng Philippine Army. Ang biktima ay si Albert Domingo.

Ayon sa mga nakasaksi, galing sa pista ng bayan ang elemento ng MIG at nakasakay sa kanyang motorsiklo. Nagkataong nakaharang sa daan ang *pedicab* ng biktima na nasa labas ng munisipyo ng Aglipay. Nagkasagutan ang dalawa at bigla na lamang bumunot ang sundalo ng kanyang pistolang kalibre .45 at pinagbabaril ang drayber sa kanyang leeg.



Kaguluhang etniko sa China

Nitong Hulyo 15, umabot na sa 192 ang napatay sa mag-iisang buwang kaguluhang etniko sa syudad ng Urumqi sa prubinsya ng Xinjiang, China, ayon sa Xinhua, ahensyang pambalitaan ng guberno. Mahigit 1,600 naman ang nasugatan at 74 sa kanila ay nasa malubhang kalagayan.

Mahigit 700 ang inaresto at ikinulong, ayon din sa ahensya. Ayon sa mga lokal na residente, walang pagtatanging sinusuyod ng mga pulis ang mga komunidad ng mga Uighur, pambansang minorya na bumubuo ng kalakhan ng populasyon sa prubinsya. Ikinagagalit din nila ang pagpapasara ng guberno sa mga moske sa syudad noong Hulyo 10, Byernes, araw ng pagdarasal para sa mga Muslim na Uighur.

Hindi napigil ng 20,000 pulis at sundalong ipinakat doon ang pagkalat ng kaguluhan sa buong rehiyon kung saan may malaon nang mga tunggaliang etniko na panapanahong humahantong sa karahasan.

Ang kasalukuyang gulo ay ibinunsod ng isang away sa pagitan ng mga manggagawang Uighur at Han (mayoryang grupong etniko) sa prubinsya ng Guangdong, may 3,200 kilometro mula sa Xinjiang. Ang pagkamatay ng dalawang Uighur sa naturang insidente ay nagpakulo ng galit sa hanay ng mga pamayanang Uighur.

Mula sa isang maliit na pagtiti-pon noong Hulyo 5 para ipagluksa ang mga namatay, mabilis na kumalat ang protesta sa buong syudad. Sumiklab ang ilang insidente ng karahasan sa pagitan ng mga Uighur at Han sa syudad. Agad na nagpadala ang gubyernong Tsino ng mga sundalo at pulis para suplin ang gulo na ibinibintang nito sa mga grupong umano'y "sinanay ng mga dayuhang terorista kabilang ang al Qaeda."

Ang Xinjiang ay idineklarang *autonomous* na prubinsya nang magtagumpay ang rebolusyong Tsino noong 1949. Sa pamumuno ng Partido Komunista, nalutas noon ang mahigit 200 taong diskriminasyon laban sa mga Uighur at nagkamit ng makabuluhang pag-unlad ang prubinsya.

Ngunit nitong nakaraang 20-30 taon, muling kumulo ang mga tunggaliang etniko dahil sa pagdagsa roon ng mga Han na napaburan sa pagkakaroon ng empleyo dahil sa higit nilang kasanayang teknikal at pagkabihasa sa wikang Tsino. Sa ilalim ng rebisyunistang pa-



mumuno, nawasak ang dating pagkakasundo ng mga Han at Uighur na naipundar sa proletaryong estado noon.

AB

Welga sa South Africa, matagumpay

Matagumpay ang inilunsad na welga ng mga manggagawa sa South Africa nitong nakalipas na linggo ng Hulyo matapos makmit ang dagdag-sahod na kanilang hinihiling.

Umabot sa 150,000 manggagawa ang nakiisa sa welgang tumagal nang ilang linggo at nakapagpahinto sa operasyon ng mga munisipyo, bus at tren sa iba't ibang lugar. Maging ang mga lokal na pulis ay nakiisa sa nasabing welga.

Nauna rito, nagwelga ang mga manggagawa sa konstruksyon ng stadium para sa 2010 FIFA World Cup noong unang linggo ng Hulyo. Umabot sa 70,000 manggagawa ang nakiisa at naggiit ng dagdag na sahod. Samantala, binuwag naman ng mga pulis ang hanay ng mga nagwelga sa Thokoza, Ekurhuleni at sa prubinsya ng Limpopo sa pamamagitan ng paggamit ng mga *rubber bullet* (balang yari o balot sa goma). Mahigit 200 demonstrador naman ang inaresto sa prubinsya ng Mpumalanga. Pangunahan namang hiling ng mga residente sa iba't ibang komunidad ang maayos na pabahay, kuryente at patubig.

Napilitan si South African President Jacob Zuma na pirmahan ang kautusang nagbibigay ng 13% dagdag-sahod sa mga manggagawa ng mga munisipyo. Pumayag na rin ang mga manggagawa sa industriya ng langis sa 9.5% dagdag-sahod.

AB



Apat na sundalo patay, 7 sugatan sa mga labanan


Apat na sundalo ang napatay at pito ang nasugatan sa dalawang magkahiwalay na taktikal na opensibang inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong huling linggo ng Hulyo.

Sa Sityo Narra, Barangay Lumiad, Paquibato District, Davao City, dalawang sundalo ang napatay at limang iba pa ang nasugatan nang tambangan ng mga gerilya ng Pulang Bagani Command 1 ng BHB ang sinasakyan ng mga tropa ng 5th Scout Ranger Company-Philippine Army noong Hulyo 27.

Bago ito, dalawang tropa naman ng 23rd IB ang nasugatan nang lusubin ng mga Pulang mandirigma ng Larangan 4A ng North Central Mindanao Region ang detatsment nito sa Barangay Balongagan, Las Nieves, Agusan del Norte noong Hulyo 25. Tumagal nang sampung minuto ang naturang reyd.

Samantala, pinabulaanan ng Alejandro Lanaja Command (ALC) ng BHB ang mga paratang ng AFP na sadyang pinaulanan ng bala sa isang ambus ang dalawang sundalo ng 3rd Special Forces Battalion (SFB) sa Sityo Moria, Barangay Banlag, Monkayo, Compostela Valley nitong Hulyo 23. Sinabi pa ng AFP na hindi raw armado ang mga sundalo at neroon sila para sa isang "proyektong pangkaunlaran."

Ayon sa ALC, nasa gitna ng matinding operasyong miliar noon ang 3rd SFB. Papalapit noon sa tsekpoyn ng BHB ang dalawang sundalo sakay ng motorsiklong minamaneho ng sibilyan. Binunot ng mga tropa ang kanilang mga pistolang kal .45 at pinaputukan ang mga Pulang mandirigma kaya napilitan ang mga gerilyang magpaputok din. Kasamang napatay ang sibilyang drayber ng motorsiklo na ginamit na panangga ng mga sundalo. Pumutok naman ang grana-dang dala-dala ng mga sundalo at tina-maan ng mga shrapnel ang mga tropa at isang gerilya. AB



Pagpapababa ng presyo ng gamot, hinaharang ni Arroyo


MARIING binatikos ng mga progresibong organisasyon at ng oposisyon ang pakitang-tao na pag-uutos ni Arroyo para pababain ang presyo ng mga gamot. Ipinagmalaki ni Gloria Arroyo sa kanyang State of the Nation Address (SONA) na pinirmahan na niya ang Executive Order 821 o ang Maximum Retail Price para sa mga gamot para maibababa umano nang 50% ang mga presyo ng lima sa 21 pangunahing gamot na tinukoy ng Department of Health. Ito'y matapos pumayag ang mga multinasyunal na kumpanya ng gamot na ibaba nang kusa nang hanggang 30% ang presyo ng 16 na iba pa at iniwan nila ang lima na lamang para siyang saklawin ng kautusan ni Arroyo.

Hungkag ang kautusan ni Arroyo at maging ang kusang-loob diumano na pagpapababa ng presyo ng mga kumpanya ng gamot dahil unang-una na'y wala namang mekanismo ang gubyerno na magtitiyak na bababa nga ang mga presyo ng naturang mga gamot. Ikalawa, napakaliit lamang na bahagi ito ng may 1,600 gamot sa merkado na napakataas pa rin ang presyo. Napakaliit na tapyas lamang ito sa presyo ng mga gamot sa bansa na mula 10% hanggang 84% ang taas ng presyo kumpara sa ibang bansang may sariling industriya ng gamot at kontrol sa presyo ng mga ito.

Ayon sa Health Alliance for Democracy (HEAD), ang mga kumpanya ng gamot ang siyang pumipigil sa pagpapababa ng presyo ng mga gamot. Anito, lahat ng batas at kautusang inilabas sa loob ng mahigit dalawang dekada para maging mura ang mga gamot ay hinadlangan ng mga kumpanyang ito. Inihalimbawa ng HEAD ang Generics Law noong 1998 na pinaglaruuan lamang ng mga multinasyunal na kumpanya sa pamamagitan ng paglalabas ng mga *generic* na gamot na mahina ang kalidad para mapilitan pa rin ang mamamayang bumili ng mga mamahaling gamot na may tatak. Dagdag pa ng HEAD, walang regulasyon sa presyo ng mga gamot na minamanupaktura ng mga kumpanyang multinasyunal at may sabwatan sila ng pamahalaan para pagtakpan ang sobrang kita nila, gaya ng umiiral ngayon sa ilalim ng gubyernong Arroyo.

Editoryal

Puro kasinungalingan



Puro kasinungalingan ang laman ng pinakahuling State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo. Wala itong pinag-iba sa lahat ng nakaraan niyang SONA.

Hinalungkot lamang niya ang dinoktor na datos ng kanyang mga ahensya, at mula roon ay pinili ang kaliit-liitang mga detalyeng pinalabas niyang mga tagumpay ng kanyang rehimene. Lahat naman ng kabiguan ay isinisi niya sa mga nakaraang administrasyon at kanyang mga kritiko.

Pinagtakpan lamang niya sa pamamagitan ng umano'y mga datos ng pag-unlad ang kabiguan ng kanyang mga patakaran at pamamalakad sa ekonomya. Tinabunan niya ng gawagawang mga datos ang katotohanang ang ekonomya ng Pilipinas ay sinusuhayan na lamang ng mga dolyar mula sa milyun-milyong manggagawang Pilipino na napilitang makipagsapalaran sa ibang bansa dahil sa malawakang disempleado sa Pilipinas na ibinunsod ng kanyang mga patakaran sa ekonomya.

Nangatwiran si Arroyo na minana lamang niya ang masasamang bunga ng maling pamamalakad mula sa mga sinundang rehimene. Subalit ang totoo'y sa ilalim ng kanyang rehimene ibayong sumama ang ekonomya at pamumuhay ng mamayan.

Inilingid niya ang tunay na sosyekonomikong kalagayan sa ilalim ng kanyang paghahari: ang pagbagsak ng manu-paktura, pagdausdos ng agrikultura, pag-

**Mga tampok
sa isyung ito...**

**Pinagtatakpang
katotohanan**

PAHINA 3

**NDFP, nagpugay kay
Aquino**

PAHINA 8

**4 na sundalo patay,
7 sugatan sa mga
labanan**

PAHINA 13

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com